


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 4:

Mga Kaalamang - Bayan

Tula/Awiting Panudyo, Tugmang de-gulong, Bugtong at Palaisipan



Filipino – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 4: MGA KAALAMANG – BAYAN (Tula/Awiting Panudyo, Tugmang de-gulong, Bugtong at Palaisipan)

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mylen E. Dongosa
Editor:	Mylene Arzadon, Lelita A. Laguda
Tagasuri:	Virgilina L. Cabaylo
Tagaguhit:	Lhryn T. Jaranilla
Tagalapat:	Guinevier T. Allosa, Maria Anlen S. Tapaya
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo Fiel Y. Almendra Gilbert B. Barrera Arturo D. Tingson, Jr. Peter Van C. Ang-Ug Leonardo B. Mission Romelito G. Flores Carlos G. Susarno Juliet F. Lastimosa Sally A. Palomo Gregorio O. Ruales Lelita A. Laguda

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XII

Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal

Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893

E-mail Address: depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 4:

Mga Kaalamang – Bayan

**Tula/Awiting Panudyo, Tugmang
de-gulong, Bugtong at Palaisipan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kamusta ka na mahal kong kaibigan? Narito na namang muli ang kaibigan mong si Kokoy upang maghatid sa iyo ng panibagong kaalaman!

Nasa ikaapat na modyul na tayo ngayon, alam kong punong-puno ka na ng mga kaalaman sa nakaraang aralin. Huwag mag-alala kaibigan! Dagdagan pa natin ang laman ng iyong isipan.



Inaasahan na sa modyul na ito ay makakamit mo ang pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto na:

Naisusulat ang sariling tula/awiting panudyo, tugmang de gulong at palaisipan batay sa itinakdang mga pamantayan.

F7PU-IIIa-c-13

Ang panitikan ng isang bansa ay sumasalamin sa paniniwala, kultura at tradisyon nito. Sa panitikan binubuhos ng mga Pilipino ang kanilang mga saloobin, nararamdaman at nakikita sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay kung kaya't repleksiyon ang panitikan sa kung ano ang pamumuhay sa isang bansa. Halina! At sama-sama tayong matuto sa araling ito.

Ngunit bago ang lahat, nais ko munang ipabatid sa iyo na matapos mong pag-aralan ang modyul na ito ay inaasahan kong matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang mga halimbawa ng kaalamang -bayan.
2. Naihahambing ang mga katangian ng mga akdang patula at
3. Nakabubuo ng mga plano sa pagsasabuhay ng mga akdang patula.



Subukin

Ngayon ay nagagalak akong masubukan ang iyong kaalaman hinggil sa ating panitikan. May inihanda akong maikling pagsusulit para sa iyo.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat katanungan saka isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pinakamatandang sining ng tula sa kulturang Pilipino?
 - a. tula
 - b. alamat
 - c. dula
 - d. kuwentong-bayan
2. May layuning pukawin at pasiglahin ang kaisipan ng mga taong nagkakatipon-tipon, anong uri ng panitikan ito?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong
3. Ano itong kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan tulad ng jeepney, bus at traysikel?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong
4. Anong uri ng akdang patula ang kadalasang layunin ay manlibak, manukso o mang-uyam?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong
5. Isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan. Anong uri ng kaalamang bayan ito?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong
6. Alin sa sumusunod ang katangian ng bugtong?
 - a. kalimitang may himig nagbibiro
 - b. isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan
 - c. makikita sa mga pampublikong sasakyan
 - d. isang paalala o babala na kadalasang makikita sa mga pampublikong sasakyan.
7. Ano ang tamang sagot sa bugtong na “Gumagapang pa ang ina, umuupo na ang anak”?
 - a. talong
 - b. kasoy
 - c. isda
 - d. kalabasa

8. “Ang di magbayad mula sa kaniyang pinanggalingan ay di makakababa sa paroroonan”. Ang pahayag ay isang halimbawa ng _____?
- bugtong
 - palaisipan
 - tugmang de -gulong
 - awiting panudyo
9. Ang mga sumusunod na pahayag ay katangian ng tugmang de-gulong maliban sa:
- Nasa anyong salawikain, kasabihan o maikling tula.
 - Mga simpleng paalala sa mga pasahero na kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan
 - Malayang naipararating ang mensaheng may kinalaman sa pagbibiyaha o paglalakbay ng mga pasahero.
 - Ang layunin ay manlibak, manukso at mang -uyam sa mga pasahero.
10. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng tugmang de-gulong?
- Ang sitsit ay sa aso, ang katok ay sa pinto, sambitin ang “para ”sa tabi ay hihinto.
 - Pedro Penduko matakaw ng tuyo, nang ayaw maligo punukpok ng Tabo.
 - Bata batuta! Isang perang muta!
 - Dito ko itinanim, doon tumubo.

Panuto: Kilalanin ang mga sumusunod na kaalamang bayan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

A -Tula/ awiting Panudyo B -Tugmang de-gulong C -Bugtong at D - Palaisipan

11. Isang prinsesa nakaupo sa tasa. _____
12. Hayan na si Kaka! Bubuka, bukaka! _____
13. Ano ang makikita sa gitna ng dagat? _____
14. Nasa isang karera ka. Ikaw ay nasa _____
 ikaapat na puwesto. Nahabol mo ngayon
 ang nasa ikatlong puwesto.
 Anong puwesto mo na ngayon?
15. Tutubi, tutubi wag kang pahuhuli sa _____
 batang mapanghi.

Aralin

1

Mga Kaalamang – bayan Tula/Awiting Panudyo, Tugmang de-gulong, Bugtong at Palaisipan



Balikan

Kumusta ka na kaibigan? Naniniwala ako sa tagumpay na iyong narating at dahil dito ay binabati kita! Ipagpatuloy mo pa ang sigasig sa pag-aaral at alam kong matatapos mo ito!

Gawain 1

Panuto: Basahing mabuti ang saknong ng tula at pagkatapos ay suriin ito.

Wika ko, Mahal ko!

Wikang kinamulatan ating pahalagahan
Pagkat tatak ito ng ating pagkakakilanlan
Pakaingatang tunay buhay man ay ialay
Para sa kaligtasan ni Inang – bayang minamahal.

1. Sino ang nagsasalita sa tula?

2. Anong damdamin ang nangingibabaw sa saknong ng tula?

3. Ihambing ang tulang binasa sa tulang panudyo sa ibaba. Ano ang pagkakahawig ng dalawang uri ng tula?


4. Anong masasabi mo sa tulang panudyo na nakasulat sa ibaba? Kung pagbabasehan ang tula, ano kaya ang mararamdaman ng taong pinariringgan mo nito?

Allan, Allan
 Rumarampa sa daan,
 Umiihi kahit saan,
 Nahuli ng kapitan

Tulang Wika ko, Mahal ko!	Tulang Panudyo
a.	
b.	
c.	

Gawain 2

Panuto: Sa pamamagitan ng graphic organizer ay itala mo ang mga alam mong katangian ng mga sumusunod na kalaamang - bayan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Pag-isipan mo
 Bakit Mahalagang pag-aralan ang tula at iba pang akdang patula tulad ng Awitin/tulang panudyo, tugmang de-gulong, bugtong at palaisipan? Paano ito makatutulong sa iyo at sa kapwa mo kabataan?



Mga Tala para sa Guro

Bilang tagapagpadaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.



Tuklasin

Napakahusay mo kaibigan! Matagumpay mong naisagawa ang unang bahagi ng ating aralin. Ngayon ay panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito. Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tala.

KAALAMANG –BAYAN

Maituturing na isa sa pinakamatandang sining ang tula sa kulturang Pilipino. Batay sa kasaysayan, ang mga unang Pilipino ay may likas na kakayahang magpahayag ng kanilang kaisipan sa pamamagitan ng mga salitang naiayos sa isang maanyong paraan. Katunayan, ang mga salawikain at kawikaan ay kaakibat sa tuwina ng mga pahayag ng mga Pilipino noong unang panahon.

Ang pagkakaroon ng diwang makata ay likas sa ating mga ninuno. Ayon kay Alejandro Abadilla, “bawat kibot ng kanilang bibig ay may ibig sabihin at katuturan.” Ito ang ipinalalagay na pangunahing dahilan kung bakit nabuo ang iba pang mga akdang patula tulad ng tulang panudyo, tugmang de gulong, bugtong, palaisipan at iba pang kaalamang – bayan.

Laganap ito sa buong kapuluan bago pa dumating ang mga Kastila at nagpapahayag ng mga hilig ng damdamin at kaisipan ng ating mga ninuno na dapat nating pahalagahan sa kasalukuyan.

A. Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bakit mahalagang pag-aralan ng mga kabataang tulad mo ang mga kaalamang – bayan?

2. Sa iyong palagay, paano lumaganap ang ganitong uri ng tula? Buhay pa ba ang mga ito sa kasalukuyan? Magbigay ng mga patunay.

- B. Alamin naman natin ang ilan sa mga halimbawa ng kaalamang –bayan at isagawa ang mga gawaing inihanda

Kaalamang-bayan

1. Tulang/Awiting Panudyo

Isang uri ng akdang patula na kadalasang may layuning manlibak, manukso o mang-uyam. Kilala rin sa tawag na Pagbibirong patula.

Halimbawa: Ako ay isang lalaking matapang
Huni ng tuko ay kinatatakutan.

2. Tugmang de-gulong

Ito ay paalala o babala na kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan.

Halimbawa: Bayad muna, bago baba.

Kahit ano pa ang ganda mo, drayber lang ang katawan

3. Bugtong

Ito ay isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan. Binibigkas ito nang paula at kalimitang maikli lamang.

Halimbawa: Isang balong mamalim, punong-puno ng patalim.

Sagot: bibig

Wala na ang tiyan, malakas pa ang sigaw.

Sagot: kampana

4. Palaisipan

Ito naman ay nasa anyong tuluyan. Layunin nitong pukawin at pasiglahin ang kaisipan ng mga taong nagkakatipon-tipon sa isang lugar.

Halimbawa: Si Mario ay isa sa limang magkakapatid. Ang mga pangalan nila magsimula sa panganay ay Enero, Pebrero, Marso Abril at_____.

Ano ang pangalan ng bunso sa magkakapatid?

Sagot: Mario



Suriin

Ngayon ay subukin natin ang inyong pag-unawa sa paksa. Isagawa ang mga mga pagsasanay sa ibaba.

Pagsasanay 1

Panuto: Suriin ang mga pahayag kung ang mga ito ba ay halimbawa ng kaalamang-bayan. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ito ay kaalamang bayan at ekis (x) naman kung hindi. Isulat sa sagutang papel ang sagot.


- _____ 1. Papuri sa harap, katalikod paglibak.
- _____ 2. Dalawang bolang malalim, malayo ang nararating.
- _____ 3. God Knows Hudas not pay.
- _____ 4. Buong bahay ay tumili at nagluksa, Nang sa gabi, siya ay nawala.
- _____ 5. May isang bola sa mesa. Tinakpan ito ng sombrero. Paano makukuha ang bola nang di man lang nagagalaw ang sombrero?

Pagsasanay 2

Narito pa ang ilang halimbawa ng tulang –panudyo, tugmang de gulong, bugtong at palaisipan.

Panuto: Ibigay ang hinihinging kasagutan sa pamamagitan ng pagpupuno sa patlang o pagbibigay ng angkop na kasagutan.

- _____ 1. Ang di magbayad walang problema. Sa _____ pa lamang ay bayad ka na.
- _____ 2. Barya lang po sa _____.
- _____ 3. Isda ko sa Mariveles nasa loob ang _____.
- _____ 4. Sa aking nabling _____ na kuwarto, kasyang-kasya maging sanlibong katao.
- _____ 5. Anong meron sa *jeep*, *tricycle* at *bus* pero _____ sa eroplano?



Pagyamanin

Naunawaan mo na ba ang iyong aralin? Upang lubos mo pang maunawaan ito, gawin mo ang gawaing inihanda para sa iyo. Kailangan mo lamang ituloy-tuloy ang iyong nasimulan at tiyak matatapos mo itong may ngiti sa mga labi.

Ipahayag Mo

Panuto: Sagutin ang isang palaisipan na nasa loob ng kahon. Ano ang masasabi mo ukol dito? Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


Mayroon tandang sa ibabaw ng bubong na piramido ang hugis. Nagtalo-talo ang mga kapitbahay kung saan babagsak ang itlog ng tandang. Saan babagsak ang itlog ng tandang?

Ang aking sagot ay: _____


Ang aking masasabi sa palaisipan ay: _____

Panuto: Gamit ang “VENN DIAGRAM “ay ihambing ang mga katangian ng mga akdang patulang tinalakay sa araling ito.

1.



2.



Isaisip

Upang mas lalong matukoy ang iyong natutuhan ay may nakahanda pang gawain para sa iyo. Huwag ka mag-alala at malapit mo nang matapos ang modyul na ito. Ako ay natutuwa!

Panuto: Lagyan ng (😊) ang patlang kung ang mga pahayag ay may mahahalagang kaisipan hinggil sa kaalamang-bayan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- _____ a. Ang diwang makata ay likas sa ating mga ninuno na siyang pangunahing dahilan kung bakit nabuo ang mga akdang patula.
- _____ b. Ang mga tugmang de-gulong ay nasa anyong salawikain, kasabihan o maikling tula.
- _____ c. Ang mga uri ng panitikang gaya ng palaisipan ay laganap pa rin hanggang sa kasalukuyang panahon sapagkat ito'y nakapagpapatalas ng isipan ng mga mag-aaral.
- _____ d. Pinakamatandang sining ang tula sa kulturang Pilipino.
- _____ e. Mahalagang patuloy na palaganapin ang mga kaalamang-bayan sapagkat ito ay pagkakakilanlan ng lahing Pilipino.


Upang mapanatiling buhay ang kaalamang bayan sa kasalukuyang panahon ay marapat ang patuloy na paggamit/ pagsambit nito sa paaralan, pagtitipon at maging sa pagpapaskil ng mga *posters* o islogan sa mga lugar na maraming tao. Nagagalak akong ipaalam sa iyo ang nais kong mangyari sa pagkakataong ito. Natitiyak kong matatapos mo ang gawaing puno ng galak ang puso.

Islogan ko, Sulat ko

Panuto: Bumuo ng sariling Islogan “mula sa mga salitang nakalista at pagkatapos ay isulat ito sa loob ng kahon.

Kultura	pagyamanin	kaalamang -bayan
patuloy	mahalin	gamitin
pahalagahan	ipagmalaki	panatilihin

Islogan



Isagawa

Panuto: Tatawagin nating **Tula mo, Sulat mo** ang gawaing ito. Sumulat ng sariling tula/awiting panudyo, tugmang de-gulong, bugtong at palaisipan. Gamitin ang mga kaalaman at tandaan ang mga impormasyong natalakay sa modyul na ito.

AWITING PANUDYO

TUGMANG DE-GULONG

BUGTONG
na ang sagot ay may kaugnayan sa pandemya, Covid 19 o mga bagay na kaugnay nito.

Halimbawa: Sakit na mula Wuhan
Mundo ang naapektuhan!

Sagot: Covid 19

PALAISIPAN

Gamitin at sundin ang *rubric* sa ibaba batay sa mga kaalamang iyong nabatid sa modyul na ito.

Mga Pamantayan	Puntos	Aking Puntos
May orihinalidad at akma sa paksa ang mga tulang nabuo	5 puntos	
Kompleto ang tulang nabuo (tulang panudyo, tugmang de-gulong, bugtong, at palaisipan)	5 puntos	
Tama ang gamit ng bantas at balarila	5 puntos	
Nakapaloob ang elemento ng tula sa likha	5 puntos	
Kabuuang Puntos	20 puntos	



Tayahin

Binabati kita sa iyong kagalingan sa pagsunod sa mga panuto sa lahat ng gawain. Upang lubos mong maunawaan ang ating aralin ay isagawa ang gawain sa ibaba. Huwag kang mag-alala, malapit mo ng matapos ang modyul na ito.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat katanungan at saka piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

- Isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan. Anong kaalamang bayan ito?
 - bugtong
 - palaisipan
 - awiting panudyo
 - tugmang de-gulong
- Anong uri ng akdang patula na kadalasan ang layunin ay manlibak, manukso o mang-uyam?
 - bugtong
 - palaisipan
 - awiting panudyo
 - tugmang de-gulong
- Anong kaalamang bayan ang may layuning pukawin at pasiglahin ang kaisipan ng mga taong nagkakatipon-tipon?
 - bugtong
 - palaisipan
 - awiting panudyo
 - tugmang de-gulong
- Ang mga sumusunod na pahayag ay katangian ng tugmang de-gulong maliban sa:
 - Nasa anyong salawikain, kasabihan o maikling tula.
 - Mga simpleng paalala sa mga pasahero na kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan.
 - Malayang naipararating ang mensaheng may kinalaman sa pagbibiyaha o paglalakbay ng mga pasahero.
 - Ang layunin ay manlibak, manukso at mang-uyam sa mga pasahero.

5. Anong kaalamang bayan ang kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan tulad ng jeepney, bus at traysikel?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong

6. “Ang di magbayad mula sa kaniyang pinanggalingan ay di makabababa sa paroroonan”. Ang pahayag ay isang halimbawa ng _____?
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. tugmang de -gulong
 - d. awiting panudyo

7. Ano ang pinakamatandang sining ng tula sa kulturang Pilipino?
 - a. tula
 - b. alamat
 - c. epiko
 - d. kuwentong-bayan

8. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng tugmang de-gulong?
 - a. Ang sitsit ay sa aso, ang katok ay sa pinto, sambitin ang “para ”sa tabi ay hihinto.
 - b. Pedro Penduko matakaw ng tuyo, nang ayaw maligo punukpok ng Tabo
 - c. Bata batuta! Isang perang muta!
 - d. Dito ko itinanim, doon tumubo

9. Sa bugtong na “Gumagapang pa ang ina, umuupo na ang anak”. Ang tamang sagot ay?
 - a. talong
 - b. Kasoy
 - c. isda
 - d. kalabasa

10. Alin sa sumusunod ang katangian ng bugtong?
 - a. Kalimitang may himig nagbibiro
 - b. Isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan
 - c. Makikita sa mga pampublikong sasakyan
 - d. Isang paalala o babala na kadalasang makikita sa mga pampublikong sasakyan.


11. Nasa isang karera ka. Ikaw ay nasa ikaapat na puwesto. Nahabol mo ngayon ang nasa ikatlong puwesto. Anong puwesto mo na ngayon?
 - a. Unang puwesto
 - b. ikalawang puwesto
 - c. ikatlong puwesto
 - d. ikaapat na puwesto

12. Sa pahayag na “Ano ang makikita sa gitna ng dagat? Ito ay isang halimbawa ng _____.
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong

13. Isang prinsesa nakaupo sa tasa. Ang tamang sagot ay _____.
 - a. kasoy
 - b. kalabasa
 - c. sili
 - d. mangga

14. *God Knows Hudas not pay.* Ang pahayag ay isang halimbawa ng _____.
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong

15. Anong meron sa *jeep*, *tricycle* at *bus* pero wala sa *eroplano*? Ito ay isang _____.
 - a. bugtong
 - b. palaisipan
 - c. awiting panudyo
 - d. tugmang de-gulong



Karagdagang Gawain

Magaling! Dahil nagawa mo lahat ng mga gawain at maliwanag na sayo ang ating paksa ay bibigyan kita ng karagdagang gawain upang mas lumawak pa ang pag-unawa mo sa **Kaalamang –bayan.**

Planong Planado

Panuto: Maglahad ng mga plano o mga proyekto na iyong gagawin upang mapanatiling buhay ang mga kaalamang –bayan na tinalakay natin. Isulat sa loob ng puso ang iyong sagot.

Mga plano o proyekto na aking gagawin

Mga plano o proyekto na aking gagawin


Mga plano o proyekto na aking gagawin

Mga plano o proyekto na aking gagawin

Narito ang rubrics na gagamitin sa pagbibigay ng puntos sa gawaing ito.

Mga Pamantayan	Napakahusay 8-10	Maayos 5-7	Nangangailangan ng tulong 1-4	Puntos
Kumpleto ang plano sa bawat kaalamang-bayan.				
Nailahad nang maayos ang mga proyektong nais maisagawa.				
Kaangkupan sa paksa				
Napapanahon at nakapupukaw ng interes ang paglalahad				
Wasto ang pagkakagamit ng wika at gramatika				

Binabati kita sa iyong naging pagganap sa modyul na ito, isang tagumpay ito sa iyong pag-aaral. Inaasahan ko ang mahusay na pakikibahagi at partisipasyon sa mga susunod na modyul. Malaking hakbang ito sa iyong pagkatuto. Panatilihin lamang ang malusog at masayang pangangatawan. Hanggang sa muli nating pagtatagpo!



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. a 2. c 3. b 4. d 5. d 6. c 7. a 8. a 9. d 10. b 11. c 12. b 13. a 14. d 15. b</p>	<p>Isaisip</p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. 2. 3. 4. 5. <p>B. Posibleng sagot *Kultura'y ipagmalaki mahalin at pahalagahan, mga kalalamang-bayan patuloy na sambitin at pagyamanin.</p>	<p>Surtin</p> <p>Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. ✓ <p>Pagsasanay 2</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. karma 2. umaga 3. kaliskis 4. maliit 5. wala 	<p>Subukin</p> <p>1. a 2. b 3. d 4. c 5. a 6. b 7. d 8. c 9. d 10. a 11. c 12. c 13. d 14. d 15. a</p>
-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Sanggunian

Aklat

Panganiban, Jose Villa, et al. *Panitikan ng Pilipinas*. Rex Printing Company Inc. Florentino St., Quezon City. 1994.

Mga Websayt:

Estrabas, May Ann. *Mga Tula (Tugmang De Gulong, Panudyo, Bugtong/Palaisipan)*. 2020. https://www.youtube.com/watch?v=U_7kdc78nz0&t=41s

Kaalamang Bayan. <https://www.coursehero.com/file/53672336/MGA-KAALAMANG-BAYANpptx/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph